



Maari Kang Maging Bagong Nilalang!

Leksyon 7

“At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios.” Galacia 5: 19-21

1. Sinumang gumagawa ng kasalanan ay ano?

Juan 8:34 _____

“Ang sarili niyang mga kasamaan ay kukuha sa masama. At siya'y matatalian ng mga panali ng kaniyang kasalanan.” Kawikaan 5: 22

“Hindi baga ninyo nalalaman, na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili na pinaka alipin upang tumalima ay kayo'y mga alipin niyaong inyong tinatalima; maging ng kasalanan sa ikamamatay, maging ng pagtalima sa ikapagiging matuwid?” Roma 6: 16

2. Ano ang kabayaran sa paglilingkod sa kasalanan?

Roma 6:23 _____

3. Ano ang misyon ni Jesus?

Mateo 1:21 _____

4. Ano ang ibig sabihin ng maligtas mula sa ating mga kasalanan?

Roma 6:18 _____

5. Talaga bang mapapalaya tayo ni Jesus mula sa kontrol ng kasalanan?

Juan 8:36 _____

“Sapagka't ang kasalanan ay hindi makapaghahari sa inyo.” Roma 6: 14

6. Mapaglilingkuran ba natin kapuwa ang Diyos at ang kasalanan?

Mateo 6:24 _____

7. Kaya ano ang dapat nating gawin?

Josue 24:15 _____

8. Kapag pinili nating paglilingkuran ang Panginoon, ano ang hinahayaan Niyang mangyari sa atin?

Roma 6:6 _____

9. Anong ngayon ang ibibilang natin sa ating mga sarili?

Roma 6:11 _____

“Huwag nawang mangyari. Tayong mga patay na sa pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa riyan?”
“Sapagka't ang namatay ay ligtas na sa kasalanan.” Roma 6: 2, 7

10. Iniwan natin ang ating lumang pagkatao, na ano iyon?

Efeso 4:22

11. At magbihis tayo ng bagong pagkatao, na ano iyon?

Efeso 4:24

“Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko.” Awit 51: 10

“Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago.” 2 Corinto 5: 17

12. Tayo ay tumanggap ng biyaya at ng anong kaloob?

Roma 5:17

“Sa makatuwid baga'y ang katuwiran ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo sa lahat ng mga nagsisisampalataya; sapagka't walang pagkakaiba.” Roma 3: 22

13. Ginawa tayong ano?

Roma 5:19

14. Magkano ang halaga ng katauhang ito na gawing matuwid para sa atin?

Roma 5:18

15. Sa pagtanggap ng kaloob na ito, tayo ay napupuspos ng ano?

Efeso 3:19

16. Tayo ngayon ay nagiging kabahagi ng ano?

2 Pedro 1:4

17. Kapag nangyari ito ano na ang ating kaugnayan sa mga masasamang gawi na minsang nagpa-alipin sa atin?

2 Pedro 1:4

18. Paano ang buhay ng isang tao naiiba pagkatapos mapalaya mula sa pagka-alipin ng kasalanan?

1 Pedro 4:2

“Sapagka't sukat na ang nakaraang panahon upang gawin ang hangad ng mga Gentil, at lumakad sa kalibugan, sa mga masamang pita, sa mga paglalasing, sa mga kalayawan, sa mga kayamuan, at sa kasuklamsuklam na pagsamba sa mga diosdiosan.” 1 Pedro 4: 3

19. Paano muling binigyang diin ni Pablo ang bagong kalagayan ng mga mananampalataya?

Roma 6:22

20. Paano dapat maka-apekto ang bagong kalagayang ito sa ating hinaharap na mga plano?

Roma 13:14

“Huwag ngang maghari ang kasalanan sa inyong katawang may kamatayan, upang kayo'y magsisunod sa kaniyang mga pita: At huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan; kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Dios, na tulad sa nangabuhay sa mga patay, at ang inyong mga sangkap na pinaka kasangkapan ng katuwiran sa Dios.” Roma 6: 12,13

21. Sa anong kondisyon maari tayong magpatuloy na makibahagi sa kapangyarihan ni Cristo?

Hebreo 3:14

“Kung kayo'y magsisipanatili sa aking salita, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad ko. At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo.” Juan 8: 31, 32

22. Kung sa pamamagitan ng ating kawalan ng pananampalataya ang tao ay mahulog muli sa dati nyang mga hilig, ano ang maari niyang nakalimutan?

2 Pedro 1:9 _____

23. Sa ano tayo maaring maging panatag?

Filipos 1:6 _____

24. Ano ang kayang gawin ni Jesus?

Judas 24 _____

25. Iyon ba ay labis na pag-asa sa Panginoon?

Efeso 3:20 _____

26. May kakailanganin ba tayo na hindi ipinagkaloob ng Kanyang banal na kapangyarihan?

2 Pedro 1:3 _____

“Siya, na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang bayad ang lahat ng mga bagay?” Roma 8: 32

“At pupunan ng aking Dios ang bawa't kailangan ninyo ayon sa kaniyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo Jesus.” Filipos 4: 19

27. Paano natin matatamo ang makapagbabagong kaloob ng katuwiran ng Diyos?

Mateo 7:7 _____

28. Ano ngayon ang positibong aksyon ang dapat nating gawin?

Roma 6:13 _____

“Hindi baga ninyo nalalaman, na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili na pinaka alipin upang tumalima ay kayo'y mga alipin niyaong inyong tinatalima; maging ng kasalanan sa ikamamatay, maging ng pagtalima sa ikapagiging matuwid?” Roma 6: 19

29. Ano ngayon ang ating magiging patotoo?

Awit 116:16 _____

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

Nauunawaan kong may kakayahan ang Diyos na ilagay sa akin ang katuwiran Niya, gawin akong bagong nilalang, malaya mula sa kontrol ng kasalanan.

Ninanais kong tanggapin ang katuwirang iyon ng Diyos sa aking buhay.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Maari Kang Maging Kaibigan ng Diyos!*

